

## **Fear of Conflict: Bakit Masama ang Fake Harmony**

Imagine this scenario:

May meeting ang team. May isang bagong proposal. Medyo sablay ang idea, pero tahimik lang ang lahat. Walang gustong magtanong. Walang gustong magsabi ng concern. Instead, lahat nag-agree: *"Okay na yan. Mukhang maganda!"*

Pero deep down? Alam ng karamihan na may mali. Pagdating ng implementation, nagkaproblema. May mga hindi nasabi, may mga hindi naayos. At ang pinakamasakit? Pwede namang naiwasan lahat kung naging honest lang ang team.

Ito ang **Fear of Conflict**—ang pangalawang dysfunction ng team.

Mukha kayong "harmonious," pero sa totoo lang, hindi nagiging totoo ang usapan.

### **Ano ang Itsura ng Fear of Conflict?**

Kapag takot ang team sa conflict, ito ang nangyayari:

- **Tahimik ang meetings:** Walang nagtatanong, walang kumukontra. Lahat nagno-nod lang.
- **Passive-aggressive behavior:** Imbes na magsabi ng problema, nagra-rant na lang sa ibang tao.
- **Unresolved issues:** Yung mga problema, hindi napag-uusapan hanggang sa maging major disaster.

Kapag ganito ang dynamics, hindi nagiging productive ang discussions. Puro iwas. Walang growth.

## **Bakit Kailangan ng Conflict?**

Contrary to what most people think, **conflict isn't bad**. Healthy conflict is a sign of a strong team.

Kapag may conflict:

- Mas lalabas ang best ideas.
- Mas naiiwasan ang blind spots.
- Mas nagiging aligned ang team sa decision-making.

Imagine kung lahat ng team members ay nagiging honest at nagko-contribute sa ideas. Mas solid ang outcomes, di ba?

# How to Overcome Fear of Conflict

## 1. I-Encourage ang Healthy Debate

Sabihin mo sa team mo na normal at okay ang disagreement. Conflict doesn't mean fighting—it's about challenging ideas to make them better.

Pwede mong sabihin:

- *"Mas okay na magtalo tayo sa idea ngayon kaysa magkaproblema tayo sa execution."*
- *"Hindi natin kailangang mag-agree sa lahat. Mas maganda kung ma-voice out lahat ng concerns."*

Kapag narinig nila ito sa'yo, mas magkakaroon sila ng lakas ng loob magsalita.

## 2. Assign a Devil's Advocate

Sa mga discussions, mag-assign ka ng "Devil's Advocate"—isang tao na intentionally magbibigay ng alternative perspective.

Halimbawa:

- May bagong process proposal. Sabihin mo: *“Ikaw, Alex, maging devil’s advocate ka. Anong potential risks ang nakikita mo?”*

By assigning this role, magiging normal ang pagtutol, at mawawala ang takot na magbigay ng opposing view.

### **3. Set Ground Rules for Conflict**

Ang healthy conflict, may rules. Siguraduhin na ang discussions ay tungkol sa ideas, hindi sa personal na issues.

Pwede mong sabihin:

- *“Attack the problem, not the person.”*
- *“Respect all ideas, pero feel free to challenge.”*

Kapag may malinaw na boundaries, mas magiging safe ang mga tao na mag-express ng honest opinions.

### **4. Model Healthy Conflict**

Ikaw ang unang mag-set ng tone. Kung ikaw ay laging “yes” sa lahat ng sinasabi ng team, walang maglalakas-loob na mag-disagree.

Kapag may proposal o idea, ituro mo paano magtanong nang constructive:

- *“Maganda ang idea na ‘yan. Pero paano kung ito ang mangyari? May backup plan ba tayo?”*
- *“Gusto ko itong suggestion na ‘to. Pero ano sa tingin mo ang pwedeng maging challenge?”*

Kapag nakita ng team na normal lang ang ganitong pagtatanong, susunod sila sa example mo.

## **Signs na Gumagana na ang Healthy Conflict**

Makikita mo na unti-unting nawawala ang fear of conflict kapag:

- Nagiging active ang discussions sa meetings.
- May nagtatanong o nag-o-offer ng ibang perspective.
- Lumalabas ang mga problema habang maliit pa lang at hindi na lumalaki.

Kapag may conflict na sa team mo—at hindi na takot dito ang mga tao—ibig sabihin, nagiging healthier na ang dynamics.

## **Final Thoughts**

Fear of conflict is one of the biggest silent killers ng mga teams. Mukhang maayos, pero totoo? Fake harmony lang.

Conflict is where growth happens. It's where the best ideas are born.

Kung leader ka, nasa kamay mo ang susi. Gawin mong safe space ang team mo para mag-debate, magtanong, at mag-disagree.

Kapag na-overcome niyo ang fear of conflict, magiging mas creative, aligned, at effective ang team mo.

Tandaan: Healthy conflict is the sign of a healthy team.